Bilang bunga, ako ay kailangan na maghanda ng isipan ng nalinang na kaluluwa na kumuha ng pantaong anyo upang magdala ng aking mensahe sa lupa. Iyong mga may kasapatang nalinang sa ispiritwal na paraan upang makarinig -ay makakarinig. Iyong mga hindi pa handa, ay hindi makakarinig at hindi magkakaroon ng kakayahan upang makatanggap – sa pangkasalukuyang panahong ito. Subalit lahat ng mga tao na nasa paitaas na paglakad na hahantong sa katapusan sa pinakamataas na Selestiyal na mga kaharian.

Kaya ano ang aking tunay na Misyon sa oras na ito – sa pamamagitan ng isip ng iba?

Ito ay upang subukan na gawin ang mga tao na lubusang nakababatid ng paraan sa kung sa alin ang kanilang sansinukob ay nadala tungo sa namamasdang manipestasyon at pagiging lalang.

Ito ang pinaka mahalagang mensahe na nadala sa lupa, dahil ito ay lumalampas sa mga pang-ibabaw, sa pinaka basikong baitang ng lahat ng pagkamalikhain at humaharap sa bahagi na ang mga tao ay gumaganap ng pagkamalikhain iyon: sa pagkamalikhain ng kanilang personalidad, kalusugan, pakikipagrelasyon, kapaligiran, mga karanasan at mga kaganapan sa kanilang mga buhay. Ito ay nagpapaliwanag ng mga dahilan ng kanilang tagumpay sa kanilang pang-araw araw na pamumuhay – o ang kawalan nila nito. Ito ay bumabalangkas sa tiyak na paraan upang baguhin ang patuloy na mga kabiguan tungo sa pagtatagumpay.

Ang artikulong ito ay upang kumuha ng inyong pansin sa mga baybrasyon ng kamalayan. Habang ang inyong mga iniisip ay nagbabago, ay gayon din ang mga baybrasyon dahil ang mga ito ang may

kagagawan para sa paglitaw ng lahat ng mga bagay. Kapag ang mga punong kahoy ay may kabaguhang naputol, ang mga ito ay malusog at ang baybrasyon ng mga ito ay nasa tiyak na alon. Subalit kapag ang troso ay nakatumba sa lupa sa marami, maraming mga taon, ang mga baybrasyon ay dahan dahang bumababa – at ang troso ay namamasdang nabubulok.

Inyong dapat na maunawaan na ang hitsura ng troso ay nagbabago lamang dahil sa kalakasan at ang mga baybrasyon na dahan dahang napaparam papalayo.

Samakatuwid, ito ay dapat na madali upang maunawaan na ang katunayan ng bawat bagay sa ilalim ng araw ay talagang nasa loob ng basikong enerhiya na nagsusuporta dito, wala sa bagay na maaaring hipuin, makita o marinig.

Ang katulad ay nangyayari din sa inyong mga katawan. Sa simula, ang mga baybrasyon sa malusog na katawan ay normal. Sa dakong huli, sa pamamagitan ng pagsusuot at pagkapunit at negatibong iniisip, ang mga baybrasyon ay nagsisimula upang bumaba hanggang sa sakop na ang mga tisyu ay nagbabago at ang karamdaman ay nagsisimula. Kapag kayo ay pagod, nauupos, ang inyong baybrasyon sa inyong katawan ay bumababa na parang ito ay hindi na gayong kadali upang kumilos sa paligid. Pagkatapos ng pahinga at pagtulog, ang mga baybrasyon ay napapanag-uli at kayo ay nakararamdam na may kakayahan na upang magpatuloy ng inyong pang-araw araw na mga gawain muli.

Bawat bagay na naririto ay KAMALAYAN na lumilitaw bilang magkakaibang mga materyal sa mga halaman, mga hayop, mga tao, at sa hindi nabubuhay na mga bagay kagaya ng mga elemento at mga bato, lupa at mga metal.

Bawat bagay na inyong nakasalamuha ay talagang mga partikulo ng elektrika na umaalon sa tiyak na bilis, lumilikha ng tiyak na mga hitsura. Baguhin ang mga baybrasyon ng bagay sa paraang radikal – at pasukan ito ng bagong kamalayan – at kayo ay mayroong kakaibang bagay.

Sa paraang ito makakagawa ako, kasama ng makapangyarihang paggamit ng aking pampaninging imahinasyon at paniniwala, makakuhang sama sama sa mga partikulo ng elektrika upang gumawa ng pagkain. Kapag inilalagay ninyo sa paningin kung ano ang kinakailangan, at maniwala kasama ang inyong puso at isip na itong elektromagnetikong basehang disenyo ay guguhit sa sarili nito ng mga bahagi upang gawin itong totoo sa mundo, sa katapusan ay magmamanipesto ito sa sarili nito.

Itong kapahayagang ito ay narito na sa mahabang panahon subalit maging ang mas dakilang kapahayagan ay hindi napansin.

Mag-ingat sa kung ano kayo ay maaaring lumilikha para sa inyong sarili kapag wala kayong ideya na ginagawa ninyo ito.

Mag-ingat sa mga mapanghusgang, kritikal na mga iniisip na makakasakit sa ibang taong nilalang- at maaaring magbalik upang manakit sa inyo.

Mag-ingat sa mga hindi nabantayang mga emosyonal na mga sandali kapag kayo ay naghahangad ng tiyak na mga kaganapan o mga pangyayari sa iba. Ang mapanirang mga iniisip ay nagdadala ng mapanirang mga bunga.

Natagpuan бага ninyo na ang mga bagay ay nagpapatuloy na hindi tama para sa inyo? Suriin ang inyong mga asal at ang inyong mga iniisip tungkol sa ibang mga tao.

Tandaan na ang elektrisidad ay nagpapadala ng mensahe at ang magnetismo ay nagdadala dito pabalik-minsan ay may anak.

Tandaan na kapag kayo ay tumingin sa mga bagay na may masidhing hindi pagpayag, o pagkairita kayo ay sumasagabal sa mga likas na mga baybrasyon na gumagawa sa mga ito kung ano ang mga ito.

Mag-ingat, sa takot na, sa kawalan ng pagkakaalam, kayo ang nagpapabagsak sa inyong sariling bahay sa palibot ng inyong mga taynga!

Mag-ingat kapag nagmumuni muni kayo sa panahon. Huwag magreklamo tungol sa ulan at magsabi na gusto ninyo itong tumila. Ito ay maaaring tumigil nang mas matagal kaysa sa gusto ninyo na gawin nito. Huwag magreklamo tungkol sa araw at magnais na sana ay umulan- ito ay maaaring maging pagbaha.

Kapag kayo ay LUMALAKAD SA DAAN NG KRISTO – ANG AKING DAAN – kayo ay kumukuha ng bawat bagay sa mundo na naglalagay ng mga problema sa BANAL NA KAMALAYAN – ang ‘AMA’ at HUMILING para sa mga pagbabago o mga pangangailangan na magiging ganap na angkop para sa inyo.

Sa paraang ito, ang ‘AMA’ na malapit na nakaugnay sa inyo, nasa loob ninyo at nasa palibot ninyo, ay tutugon na may tamang impormasyon ng KAMALAYAN upang ilagay ang lahat ng mga bagay na tama para sa inyo.

Kailan kayo GIGISING?

'Noong huli akong nagwika sa inyo, ako ay nagsasabi nang may kaliwanagan hanggang kaya ko sa pamamagitan ng isip ng aking Tagapagtala:

KAILAN KAYO AY GIGISING, LALAKI AT MAGPAPASYA NA MAGKAKARON KAYO NG TAPANG UPANG ISA ISANG TABI ANG INYONG MATANDANG PINAKAMAMAHAL NA MGA MITO NG NAGDURUGONG KRISTO SA KRUS, NAGBABAYAD PARA SA INYONG MGA KASALANAN?

Kailan ninyo tatanggapin ang AKING Katotohanan – ang katotohanan na ako, si Hesus, ay nakita na maging banta sa pambublikong kapayapaan at ay BANTA SA HUDYONG MGA PINUNO dahil ako ay nagturo sa mga tao ng tungkol sa Diyos ng Pag-ibig. ANG DIYOS na hindi nangangailangan ng mga sakripisyo!

Aking tinuruan ang mga tao na ang PAGPAPATAWAD ay mahalaga upang maranasan ang masaya at malusog na buhay, habang ang mga Hudyo ay nagturo 'mata para sa mata' at ang kanilang DIYOS ay nagpadala sa kanila tungo sa Banal na mga Digmaan laban sa mga 'pagano'

Ako, ang tunay na Kristo, ay nagturo sa kanila na sila ay dapat na huwag mag-alala tungkol sa hindi malinis na tasang inuman kundi ay dapat na magbantay sa kung ano ang lumalabas mula sa kanilang mga isipan at mga bibig.

Iyong may mga pananaw at pagkaunawa ay makakikilala na ako ay nagbalik at ay nagpapayabong dito sa payak na paksa at nagpapaliwanag KUNG BAKIT ako ay nagturo ng mga prinsipyo ng buhay na kailangan ngayon ng mga tao nang agaran upang iligtas ang kanilang mga sarili at ang planeta mula sa malawakang kalamidad.

Basahin ang Liham 1 hanggang sa inyong lubusang maunawaan ito.

Basahin ang mga Liham 5 at 6 hanggang inyong ganap na matanto:

na kayo ay NAG-IISIP at NAKARARAMDAM ng kaparehong enerhiya kagaya ng kung mula saan ang inyong mundo ay nalikha.

na ang inyong mga iniisip ay elektromagnetikong mga basehang disenyo na sa katapusan ay magkakatotoo bilang mga kaganapan at mga bagay na maaaring inyong hinangad – o lubusang kinatakutan O iyong mga bagay na mabuti at masama, na ginawa ninyo sa iba.

Huwag ipagwalang bahala ang mga Liham na ito na walang bunga sa inyong mga buhay.

Ang mga ito ay nagpapaliwanag nang may kaeksaktuhan kung bakit ang PAG-IBIG ay ang pinaka substansya kung sa alin ang inyong katawan ay nalikha. Kapag kayo ay nabubuhay na may poot, pagkagalit, at pag-ayaw sa inyong mga puso, kayo ay aktibong lumilikha ng negatibong mga pwersa na dahan dahan ay nagpapababa ng inyong kalusugan at sumisira sa inyong mga katawan at inyong mga buhay.

Dahil ang mga LIHAM ay nagsasalarawan ng tunay na LIKAS ng 'IYON' Alin ay nagdala ng lahat ng nakikitang mga bagay tungo sa konsiyus na pagiging lalang at ang inyong wastong pakikipagrelasyon DITO, sa tulong ng MGA LIHAM, kayo ay makapagbabago ng inyong sarili.

Kayo ay magiging ang uri ng tao na KAYO ay magiging masaya na mabuhay kasama.

Hindi na muli, kayo ay pasasabihan upang magmahal at gumalang sa inyong sarili.

Kapag inyong nabasa at muling binasa at IPINAMUHAY ang aking mga LIHAM araw araw, kayo ay gagalang at magpapahalaga sa inyong sarili kaagad- may pagkalikas- MAY KASIYAHAN.

Kayo ay magagalak sa kung SINO kayo talaga at sa inyong walang limitasyong potensiyal para sa pagkamalikhain.

ITO AY HINDI BAGONG KAPANAHUNANG turo.

Ang aking KRISTONG ARAL ay nananatili at mananatiling pareho sa buong walang wakas.

'Ito ay ang 'Ama' – BANAL NA KAMALAYAN – na gumagawa ng trabaho ng pagkamalikhain sa akin – at ay gagawa na kagaya nang may pagkakapantay sa inyo kung inyong mapagtatagumpayan ang ego.

'Kung kayo, din, ay MAGING Unibersal na Pag-ibig.'

Ang Pantaong pag-ibig ay nagdadala ng pagkabigo

ANG KRISTO AY NAGSASABI:

PAG-IBIG – PAG-IBIG - PAG-IBIG – ay ang tanging daan sa paggaling, kabutihan, kasaganaan, tunay na tagumpay, kaligayahan.

‘Alam ko na inyong pinapalagay ang pagsasalita ng tungkol sa PAG-IBIG bilang sagrado at madamdamin, o pagpapayo na gagawa sa inyo upang ‘bigyan ng kaluguran’ ang ‘Diyos’ – o ‘nakalulugod’ sa ‘Diyos’ – o ay gagawa sa inyo na maging ‘mabuting’ tao bilang kasalungat ng ‘masamang’ indibidwal.

‘Ngunit ito ay ang daan na inisip ng inyong mga lolo. Hindi, sa anumang oras sa panahon o simula ng aking buhay sa Palestina, na nakagawa ako ng pangungusap upang tulungan kayo na maging ‘mas mabuting’ tao.

‘Ito ay Hudyong maling interpretasyon ng aking panlupang mga turo.

Ang kagayang mga interpretasyon ay kailangan na ngayong itapon nang may kabilisan hanggang maaari.

Ang mga ito ay nagpapalabo ng inyong panloob na mga pananaw at ispiritwal na paningin.

Ang mga ito ay humahadlang sa matapat na ispiritwal na nagsasaliksik mula sa pagtanggap ng KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG.

Ang Karunungan ng KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG ay nakapagbigay sa akin ng kakayahan upang umalis sa disyerto sa Palestina na nagbagong lalaki, isang ispiritwal na Master at Manggagamot na nakakontrol sa mga atomikong elemento.

Ito ngayon ay oras na para sa mga handa, upang matanggap ang karunungan iyon at magsimula upang bumuo ng mga buhay na nasa loob ng kanilang kapangyarihan upang likhain.

Ito ay kung bakit ako ay may paghahangad na naglagak ng paraan upang maabot ang mundo sa pamamagitan ng may dedikasyong pakikipagtulungan ng Tagapagtala, upang subukan na itaas kayo mula sa buong mundong mga paniniwala na itinuro ng mga Kristiyanong mga Simbahan – mga paniniwala na nagbubulag sa inyong ispiritwal na paningin.

Ang PANINIWALA na kayo ay nilikha ng uri ng ‘Diyos’ na tumitingin sa lupa kagaya ng pagtingin ng isang master sa paaralan sa kaniyang eskwelahan, nagmamarka ng itim na mga krus para sa masamang asal at naggagantimpala ng ‘ginintuang mga bituin’ para sa mabuting gawa.

Isang DIYOS na ang mga ignoranteng tao ay sumamba sa loob ng libong mga taon, ISANG DIYOS na nangailangan ng MGA REGALO at PAGESAMBA upang huwag ‘SIYANG’ magpadala ng mga kaparusahan sa anyo ng mga peste, mga karamdaman, mga pagbaha, mga epidemya, kamatayan:

isang DIYOS na nagagalak sa pagsasakripisyo ng mga ibon at walang kapintasang mga hayop:

isang DIYOS na makakasundo lamang sa mundo na nilikha niya, sa pamamagitan ng madugong kamatayan ng kaniyang tinatawag na bugtong na ANAK.

Ako, ang tunay na Kristo, ay maaari lamang magsabi sa mga Kristiyano sa mundo: ‘Anong napaka magandang halimbawa, dakilang pag-iisip na DIYOS na inyong dinisenyo para sa inyong mga sarili! Isang DIYOS para katakutan- ngunit hindi iginalang!

Ako, ang tunay na Kristo, ay makahihiling lamang sa mga Kristiyano ng mundo: 'Anong nariyan sa inyong personal na likas o karakter na nagsusulong sa inyo, sa mas naliwanagang kapanahunang ito, isang kapanahunan ng lumalagong pangkapatirang pagmamahalan, upang kumapit at may karahasang magdependa sa matandang Kristiyanong Dogma, kung alin, sa lohikal na pagsasalita, ay walang iisang mapatutunayang katotohanan upang purihin ang sarili nito sa inyong nangangatwirang isipan.

Inyong nagawa para sa inyong mga sarili, ang DIYOS na kayo, sa inyong mga sarili, ay hindi ninyo gagayahin, na ang kaniyang diktador na pag-aasal ay nilabanan ng inyong mga bansa sa pamamagitan ng pagpapasa ng MGA BATAS tungkol sa MGA KARAPATANG PANTAO.

Ang inyong Pantaong mga Batas ay nagbabawal sa pamalo sa inyong mga paaralan, subalit kayo pa rin ay kumakapit at nagtatanggol sa relihiyon na kung alin ay lahat na tungkol pa rin sa 'malaking pamalo.'....

'Maniwala kay Hesukristo o kayo ay pupunta sa impiyerno.'

Dahil ako ay, Ang KRISTO, ay Unibersal na PAG-IBIG – pakiusap na tumigil ng pagbabasa sa isang sandali at subukan na unawain na ang kagayang pangungusap ay hindi, kailanman ginawa ng aking sarili. Subukan na unawain na ang aking interbensiyon sa pamamagitan ng inyong Internet ay hindi maiiwasan.

Akin kayong iiwanan dito upang magbigay sa inyo ng oras upang makuha ang aking mensahe. Aking inirerekomenda sa inyo ang mga Liham 2 at 3, na nagsasalarawan sa pinakamainam na kaya namin, ang tunay na persona ni Hesus na nabuhay at ipinako sa krus sa Palestina, dalawang libong taon na ang nakaraan.

Kamalayang Enerhiya

'Panatilihin ang inyong Kamalayang buo, hindi pira piraso'

Ang KRISTO ay nagsasabi:

'Ito ay ang may pinakamalaking kahalagahan sa inyong kalusugan, relasyon, tagumpay sa buhay at inyong kaligayahan, na kayo ay dapat na ganap na makaunawa sa tunay na likas ng Kamalayan (Liham 5 at 6 pataas) at ang inyong sariling kakaniyahang kamalayan.

'Inyong kailangang ganap na maunawaan na kung ano ang inyong INIISIP- at NARARAMDAMAN - at kung ano ang inyong GINAGAWA, ay isang 'kamalayang enerhiya' na humuhubog sa buong hibla ng inyong mga karanasan sa buhay. Ito ay ang nagtutulak na pwera sa likod ng lahat na nangyayari sa inyo at kung ano ang ginagawa ninyo. Ito ay ang lupa kung saan ninyo itinatayo ang inyong buhay at ang lalagyan ng kalakasan na nagbibigay ng pwera sa inyong pang-araw araw na buhay. Ito ay lahat KAYO lampas sa inyong kaluluwa, sa pangkasalukuyang sandaling ito. Ito ay ang buong sakop ng lahat na maaari kayo ay maging at kung ano ang magagawa ninyo sa tamang sandaling ito. Ang antas ng inyong kamalayan ang naglilimita o nagtataguyod ng inyong kabutihan. Samakatuwid, ang mga nilalaman ng inyong kamalayan, ang bahagdan ng inyong ispirital na pagkakaalam, mga palagay, mga pananaw, mga paniniwala, karunungan, mga pamantayan ng pag-uugali, mga kalidad ng likas, mga moral, ay ang inyong yaman sa kung sa alin ay itinatayo ninyo ang inyong buhay. Kayo ay makapagtatayo lamang sa kung ano kayo sa pangkasalukuyang oras. At kung ano ang inyong binubuo ay maitatayo ng mga elemento o mga briks ng inyong kamalayan- wala ng iba pa.

"Samakatuwid, habang ang daang libong mga tao ay nakatatagpo sa buong mundo – kung gusto ninyong baguhin ang inyong buhay, inyong dapat na unang baguhin ang inyong kamalayan.

(Ang Liham 7 ay naglalarawan kung paano ito gawin, nang napakaliwanag)

"Kapag nagmamaneho kayo ng kotse, kayo ay gumagawa nang tiyak (kung kayo ay pantas) na ang bawat bahagi ng sasakyan ay nasa mabuting gumaganang kaayusan. Bawat maliit na nagbabahaging salik sa walang aberyang pagtakbo ng inyong kotse ay dapat na tingnan – ang baterya ay nasa maayos at ang mga tingga ay konektado. Ang nagsisinding mga bahagi sa ulo ng tubo ay nalinis at nakatono, ang gasolina ay nasa tangke, ang langis ay nasa lalagyan na at iba pa.

"Samakatuwid, upang lumikha ng masayang matagumpay na buhay, kayo ay dapat na gumawa ng pinakamainam at pang-araw araw na pangangalaga sa iba't ibang mga elemento at mga aspekto ng inyong kamalayan.

"Inyong matatandaan at subukin na gawin ang walang kritisismo at walang panghuhusga dahil ang mga ito ay mapanira sa iba at sa katapusan, ay matatagpuan natin ang ating mga sarili na nasa katulad na nag-aapoy na linya. Inyong subukin na supilin ang inyong galit, naghahanap sa inyong isipan ng mga dahilan kung bakit ang pinupuntirya ng inyong galit, ay umasal na kagaya ng ginawa nila. Ito ay magpapakalma ng inyong galit. Kayo ay maghahanap upang makatagpo ng mapagmahal na mga katangian tungkol sa bawat isa na inyong nakasasalamuha o nakikita sa buong maghapon, kung hindi, kayo ay, lahat sa walang pagkakaalam, ay nagpapasinag ng nakasasakit na kamalayang enerhiya na makukuha at kagagalitan ng iba.

Maaari, lahat ng mga aspektong ito ng kamalayan ay batid na ninyo. Ngunit ngayon ay gusto kong sabihin sa inyo ang tungkol sa mga panganib ng pagpipira piraso ng inyong kamalayan.

Ginagawa ninyo ito kahit na kapag kayo ay nagsasabi ng maputing pagsisinungaling. Ang maitim na pagsisinungaling ay nakatatokot na insulto sa inyong sariling kamalayan at sa kamalayan ng inyong tagapakinig. Inyong maaaring isipin na ito ay walang maibubunga subalit kung kayo ay nagsisinungaling kayo ay nagpapadala ng agos ng maling kamalayan na kayo ay naghahangad sa ibang mga tao na

gumawa ng kanilang mga tugon. Ang kagayang balakid sa inyong kamalayan, dahil alam ninyo na kayo ay nagsinungaling, ay lumilikha ng mga butas sa pagkakabuo ng inyong sariling kamalayan.

Kung saan mayroong mga butas sa inyong kamalayan ay mayroon na hindi pagkakadugtong sa pwersa ng buhay na inyong kinukunsumo sa mga gawain at mga layunin, at ang kalituhan dahil sa kamalian na nasa kamalayan na kung sa alin ay nagpapanatili sa inyong malusog at masaya. Kahit na sa inyong komunikasyon, ito ay magdudulot ng kawalan ng kalakasan at katiyakan na ang mga mayroong buo at malusog na mga hibla ng kamalayan, ay may kakayahan upang magbahagi kapag nagsasalita sa iba o kahit na may kapayakang nag-iiwan ng pasalitang mensahe.

Ang malusog na kamalayan ay nalikha kapag pinakikitunguhan ninyo ang iba na kagaya ng gusto ninyong na kayo ay pakitunguhan. Samakatuwid, tuparin ang inyong mga pangako o gumawa ng probisyon na ang hindi pagtupad sa pangako ay hindi magdudulot ng hindi inaasahang pagkabigo o kalungkutan o kahirapan. Sabihin ang katotohanan sa paraang ang inyong tagapakinig ay hindi masasaktan. Ang pag-ibig ay laging humahanap ng paraan.

Huwag 'maghabi' ng mga kwento upang gawin ang inyong sarili na bayani o biktima.

Huwag dagdagan ang kwento tungkol sa kaganapan sa anumang paraan dahil inyong maaaring ipadala ang ibang taong papalayo na may kamalian sa kanilang mga iniisip. Ito ay mas higit na nakasusugat sa kanila kaysa sa inyong maaaring isipin. Huwag maging dahilan upang ang ibang tao ay matakid o madapa sa pagbaybay sa kanilang pang-araw araw na landas.

Hayaan na ang bawat bagay na inyong iniisip, sinasabi at ginagawa, ay maging maharmonyang buo na nakadirekta sa inyong isipan at puso sa pamamagitan ng pag-ibig at pag-alala para sa bawat kabutihan ng ibang mga tao. Sa paraang ito, kayo ay lumilikha ng pundasyon ng buo, masayang buhay para sa inyong sarili. Kayo ay lumilikha ng uri ng kamalayan na may kaalwananng nakatono sa Banal na Kamalayan.

Pagkatapos, ang mga hiwaga ay nangyayari.

Kung nagkukulang kayo sa tagumpay, suriin ang inyong kamalayan. Inyo bagang tinutupad ang inyong salita?

Kristong Kamalayan

Ang KRISTO ay nagsasabi:

“Ito ay hindi sapat na mag-alala tungkol sa inyong buhay sa lupa. Kayo ay dapat may pagkakapantay na nag-aalala tungkol sa inyong buhay at kabutihan kapag kumilos kayo tungo sa sunod na mga dimensiyon.

“Dito, higit kailan man, inyong natatagpuan ang inyong sarili sa loob ng dimensiyon ng ‘Pagiging lalang’ na kung alin ay ang panlabas na manipestasyon ng inyong sariling kamalayan subalit sa mas malawak na sakop kaysa kapag kayo ay nasa lupa.

“Kapag nasa lupa, kayo ay lumilikha ng inyong sariling kakaniyahang kapaligiran mula sa hibla ng inyong pangkalahatang kamalayan, ngunit kayo din ay maaaring makisalo sa kapaligiran ng inyong kapitbahay kapag kayo ay nagkakatagpo o nabubuhay na magkasama. Ito ay nangangahulugan na kapag kayo ay nasa lupa, maaari kayong lumipat sa mas magandang kapaligiran, makatagpo ng mas maayos na mga tao kaysa sa inyong sariling kamalayan ay karaniwang lumilikha o humahatak papunta sa inyo. Subalit itong hindi pagkakatugmang ito ay humahantong sa gitgitan at kawalan ng kaginhawahan.

Ang tao ay maaaring makaramdam na nasa labas ng kanilang lugar ng kaginhawahan o ay nainis sa pamamagitan ng mas mataas na kamalayan na nakasalamuha nila at hindi na makapaghintay upang bumalik sa mas mababang kamalayang kapaligiran na kung saan sila ay nakararamdam ng kagaanan. May mga tao na nahalina at isinilang sa kamalayang antas kung sa alin ay nararamdam nila na sila ay mga taga ibang planeta doon at kaagad na nagsisimula na magtrabaho, kahit na sa kabataan, upang kumilos papalayo tungo sa antas ng kamalayan na kanilang kayang pagtagumpayan.

Ang antas ng **KAMALAYAN** na kinamatayan ninyo, ay ang baitang din na inyong dadalhin pabalik.

Minsan, ang tao na may mataas na antas ng ispiritwal na pananaw ay maaaring mahalina, sa pagkasilang, tungo sa pamilya na may mas mababang mga antas dahil ang kapaligiran ay magpapalakas ng kanilang pagkakaalam at magpapataas ng kanilang ispiritwal na lakas habang sila ay nakikipagtunggali sa kanilang murang mga taon upang magbalik sa kanilang tamang kamalayan ‘tahanan’ sa ispiritwal na antas sa lupa – at sa dakong huli, sa sunod na mundo.

Kagayang habang inyong nararanasan ang inyong hindi nalinang na kamalayan kapag kayo ay lumipat, ay gayon na kayo ay pumupunta sa mas mataas na dimensiyon na sumasalamin sa inyong sariling kamalayan kapag kayo ay isinilang na muli sa maraming mga beses at nagtrabaho upang makakuha ng ispiritwal na pananaw. Inyong natatagpuan na kayo at ang bawat isa na inyong nakasalamuha, ay nasa kagayang kamalayan. Kayo ay mahihila tungo sa mga kondisyon na katugma at sa dahilan ng inyong sariling pagkamalikhain, kayo ay maaaring may kaperpektuhang makapagbahagi.

Kung, sa paglipat, ang kamalayan ay naging tutok sa ego at mabisyo, ang indibidwal ay madaliang muling isisilang, dahil ang pakiramdam ng kawalan ng kaginhawahan ay hindi makayanan. May kaligayahan, ang kagayang tao ay magbabalik sa lupa sa ibang katauhan. Sa antas na ito ng pagiging naririto, ang panlupang mga kondisyon na tila ay maigi sa mga nasa astral na mundo. Ito ay nangangailangan ng maraming mga haba ng buhay bago ang kaluluwa ay magising sa katotohanan na ang pagtakas ay posible lamang kapag ang pantaong pag-iisip ay naglalagay sa sarili nito upang subukin na itaas ang mga pananaw at kamalayan sa mas nakakayang sakop ng kaginhawahan.

Pag mas higit na ispiritwal ang kamalayan ng mga tao bago sila ay lumipat, pag higit na natingnan nilang pabalik ang kanilang mga buhay, nakakuha ng pananaw tungo sa egong pagkontrol ng kanilang mga isipan at mga pakiramdam, ang sira na nagawa nila sa buhay ng ibang mga tao, ang kalungkutan na idinulot nila, ay pag mas higit ang ispiritwal na progreso na kanilang magagawa.

Habang nararanasan nila ang nakasusunog na pagsisipi, ay gayon din na ang sakit ng pagsisipi ay nag-aalis sa paghahari ng ego sa kanilang mga isipan at puso, hanggang unti unti, sila sa katapusan ay lumisan sa buhay na ito na buong nakababatid na ang LANDAS ng **WALANG KONDISYONG PAG-IBIG** ay ang tanging daan upang sundin.

Ang kagayang mga tao ay lubusang nakauunawa, kumikilala at ay may kaliwanagang nakababatid na lahat ng dalamhati: - karamdaman, mga kakulangan, kawalan ng tagumpay, kalungkutan ay nanggagaling sa kawalan ng PAG-IBIG sa pagharap ng isa sa buhay, sa mga tao, kapaligiran. Ang KRITISISMO ay ang pinakamalaking hadlang sa lahat ng pangloob na kaligayahan dahil ito ay may kataasang mapanira. Ito ay nasasalamain sa buhay ng tao dahil kapag kayo ay humuhusga, ang husga ay umuuwi sa tahanan upang magpahinga at matulog, kagaya ng kasabihan.

Ang kritisismo sa iba ay sumasagabal sa kanilang kabutihan at bilang bunga, habang sinisira natin ang iba kahit na sa pinakamaliit, muli, ang sira ay magbabalik na may tubo.

Samakatuwid, kung kayo ay tumungo upang tahakin ang Daan ng Kristo, inyong dapat na maunawaan na ito ay ang landas ng walang humpay na pagsusuri ng sarili at paghahanap ng tapang upang tingnan ang inyong mga gawa sa liwanag ng PAG-IBIG, naghahangad upang makita ang katotohanan tungkol sa inyong iniisip at mga emosyon.

Habang kayo ay kumikilos paunahan sa baybay ng landas, ito ay nagiging mas madali upang kumilos tungo sa pananaw ng katotohanan ng iba, sa kung ano ang nag-uudyok sa kanila, nag-eengganyo sa kanila, nagdudulot sa kanila upang gumawa ng mga pagkakamali sa kanilang mga pakikipagrelasyon, sa kanilang lugar na pinaghahanapbuhayan at malapit na pamilya.

Pag higit na nararamdaman ninyo ang iba, naiintindihan kung ano ang nag-iistimula sa kanila, nauunawaan ang mga kahirapan na nagtulak sa kanila tungo sa masamang naikonsiderang mga kilos, ay pag mas nagiging mataas ang inyong pansariling ispiritalidad, ang inyong pandamdang ng pagkaawa at pag-ibig tungo sa mga iyon - inyo ngayong natatanto – ay tunay na gumagawa ng pinaka mainam na kaya nila sa kapaligiran at mga kaganapan na nalikha nila para sa kanilang mga sarili.

Mula dito sa puntong kinalalagyang ito, ito ay nagiging mas madali at mas maalwan na humingi ng tawad, hanggang dumating ang oras na, nakikita ang katotohanan ng ibang tao na may kaliwanagan, hindi ninyo mahihintay na magpatawad at magbura ng lahat ng mga tensiyon at kritisismo tungol sa kanila mula sa inyong pag-iisip.

Kapag dumating na ang oras ninyo upang lumipat, ang kagayang naliwanagang tao, nabubuhay na nasa kapayapaan at harmoniya kasama ang buong mundo, ay kikilos tungo sa antas ng ganap na pagkapinagpala at kaligayahan. Sila ay kikilos tungo sa Liwanag at wala ng pagtingin pabalik sa lupa. Sa wakas, kanilang matatagpuan na sila ay nakakilos tungo sa dimensiyon ng Pagiging Lalang kung saan sila ay kontento at ganap na nasa kapayapaan.

Pagkatapos ng sandali, sila ay magsisimula upang makapansin na mayroon maging mas mataas na mga dimensiyon ng pagiging naririto at sila ay naglalagay tungkol sa paghahanda, pagpapalaki, pagpapalawak ng kanilang kamalayan upang makuha kahit na ang mas mataas na mga baybrasyon ng Banal na Kamalayan at sila ay maging mas higit na mapanlikha at maningning na mga tagapaglipat ng **WALANG KONDISYONG PAG-IBIG**.

Ang kagayang mga tao ay tunay na **KRISTONG KAMALAYAN**.

Buhay na mas masagana

Ang KRISTO AY NAGSASABI:

Aking sinabi, noong ako ay lumakad sa lupa sa Palestina,

‘AKO AY DUMATING UPANG MAGDALA SA INYO NG BUHAY NA MAS MASAGANA.’

‘Mayroon bagang sinuman sa Kristiyanong mga Simbahan na tunay na nakaunawa sa pangungusap na ito?’

‘Buhay na Mas Masagana sa inyong pantaong isipan ay maaaring mangahulugan ng mas maraming enerhiya, kalakasan, kalusugan – maaaring maging mga kayamanan. Subalit mula sa aking perspektibo ng pagkakaroon ng MAGING ang indibidwalisasyon ng BUHAY SA SARILI NITO, aking ipinakahulugan na bagay na malayong lampas sa inyong pantaong mga pananaw sa sandaling ito, na aking nalalaman na ito ay ang tamang panahon upang sumubok na iangat ang inyong kamalayan sa mas mataas na mga antas ng ispiritwal na kamalayan kung saan kayo ay magsisimula upang masilayan ang KATOTOHANAN na aking sinubukang ihayag sa mga Hudyo sa Palestina.

‘BUHAY NA MAS MASAGANA!! Sa mas naunang mga salita ng pangungusap na ito, aking sinubukan ito na gawing maliwanag na ang inyong pantaong mga pananaw ay limitado. Sa totoo lamang, hanggang kayo ay nasa tunay na ispiritwal na landas, na naghahanap ng Katunayan ng IYON na nagbigay ng anyo at kamalayan sa lahat ng paglikha, kayo ay mapapataling pababa sa pamamagitan ng inyong ‘Soberenya’ – ang Ego.

‘Ang EGO ay nakasusugat na naglilimita sa kalakihan ng inyong pantaong mga pananaw at paningin, dahil ito ay pumupwersa sa inyong kamalayan upang magpokus sa inyong kaligayahan at pagkabuhay.

‘Ito lamang ay kapag ang kaluluwa ng tao ay unang nagpapadala ng mensahe sa pantaong kamalayan nito na mayroong higit sa buhay kaysa sa ‘ang sarili,’ na ang indibidwal ay nagsisimula upang maghangad na matuklasan ang higit tungkol sa buhay at tungkol sa mga Pinagmumulan ng buhay.

‘Habang ang kamalayan ng pantaong isipan ay dahan dahan na gumising mula sa mahaba nitong pagiging tagasunod sa Ego, ay gayon din na ito ay nagsisimula upang magtanong ng marami sa mga lampas sa pangkasalukuyang karunungan nito. Sa pasimula ng paghahanap nito para sa mas maraming karunungan ng hindi nalalaman, ito ay maaaring mahatak ng relihiyon, dahil ito ay tila, sa pantaong pananalita, na ang mga Simbahan ay dapat na naghahawak sa loob nito ng karunungan at mga turo, ang mga sekreto ng Pinagmumulan ng Buhay.

‘Itong Kristiyanong pagpapasailalim sa Relihiyosong pantaong dominasyon, na nagpapalagay na nakaaalam sa mga sekreto ng sansinukob, ay mabuting eskwelahan ng mga bata para sa nagbubukas na kamalayan ng mga isipan na pinamamahalaan ng Ego.

‘Kayo ay dapat sumamba sa Diyos; Huwag kayong papatay; huwag kayong magnanakaw; huwag kayong mangangalunya at matutulog kasama ng asawa ng inyong kapitbahay; huwag kayong maninirang puri at magsasabi ng kasinungalingan; huwag kayong maiinggit sa mga pag-aari ng inyong kapitbahay; at iba pa.

‘Lahat ng mga tagubiling ito ay kasama sa pagkontrol ng Kaharian ng Ego. Ang mga ito ay hindi naaangkop sa ispiritwal na mga dimensiyon ng kaluluwa. Ang kaluluwa ay walang nalalaman sa kagayang pantaong mga pintig.

Ang pinaka unang prohibisyon: ‘Upang sumamba sa Panginoon ang inyong Diyos’ ay paganong konsepto.

ANG MGA PAGANO ay naglalagay ng mga simbolo upang sambahin. Ang mga ISPIRITWAL NA PANTAS ay kumikilos na lampas sa pang-elementaryang pantaong pagsasagawang ito at nagsisimula

upang maranasan ang Kawalang hanggan- Banal na Kamalayan na lampasan sa lahat ng mga anyo ng kamalayan sa lupa.

'Kapag pumupunta tungo sa pagiging kasapi ng Simbahan – lalung lalo na sa Kristiyano at Hudyong relihiyon, ang unang tagubilin ay upang tandaan sa lahat ng mga oras na kayo ay dumating mula sa dakilang PINAGMUMULAN na nagbigay sa inyo ng pagkaindibidwal at kamalayan. Dahil ito ay gayon, kayo ay dapat umiwas sa mga Pintig ng Ego.

Ang mga Pintig ng Ego ay nagsusugo sa inyo na maaaring humawak sa mga pag-aari na inyong pinaniniwalaan ay makagagawa sa inyong mas maginhawa o masaya, at magtulak papalayo, ipagtanggol ang inyong sarili, sa paraang pisikal kung kinakailangan, mula sa mga elemento at mga bagay na nakagagawa sa inyo na hindi maginhawa o ay pinalagay na mapanganib sa inyong buhay at kabutihan.

'Sa pagpasok sa relihiyosong pagdiriwang, ang inyong kaagad na pansin ay nakatutok sa diyos at kayo ay naturuan na 'bigyan ng kaluguran' ang Diyos at siguraduhin ang inyong sariling kaligayahan, kayo ay dapat na umiwas sa lahat ng mga pintig ng ego na nakalista sa itaas. Subalit ito pa rin ay tulak ng Egong patakaran. Dahil ang hindi kinilalang layunin sa likod nito ay ang hangarin upang makatagpo ng kaligayahan at seguridad.

Kung kayo ay kasapi ng Kristiyanong Simbahan, ay mayroon karaniwang sumusunod:

'Kung hindi ninyo binibigyan ng kaluguran ang Diyos- kayo ay nagkakasala'

'Habang inyong maaaring makita, ang pangungusap na ito ay naglalagay ng malubhang mga limitasyon sa inyong kakayahan upang pahalagahan ang buhay. Kayo ay inilagay sa mental na hawla na nagkukulong sa inyong isip sa mga babala na kung hindi ninyo bibigyan ng kaluguran ang Diyos, kayo ay magkakasala, at ang kaparusahan ay hindi maiiwasang susunod. Paano ang parusang ito ay makikilala ay hindi sinabi, KUNDI AY ANG BANTA AY NASA MGA ULO NG MGA SUMISIMBA. Ang ilang mga tao ay malubhang nalulungkot dahil sa turong ito.

'Ito ay mahigpit na pagbabawal sa PINTIG NG BUHAY na, sa pinakabuong saysay, walang hanggang KALIGAYAHAN, pananabik, halakhak, pag-ibig, pagiging biglaan, ang pakiramdam ng kabutihan at ang kaakibat na pandamdang ng optimismo – na ang buhay ay hindi magpapabaya sa inyo – na mayroon kayong sapat upang kainin, inumin, damitan ang inyong sarili at bawat bagay na kinakailangan upang gawing masaya ang inyong mga buhay.

'Ang BUHAY ay ang aktibong agos ng kamalayan na mayroong mga pinagmulan nito sa UNIBERSAL NA KAMALAYAN. ITO ay nagbubuklod – nagpapasindi – sa natutulog na MGA BINHI sa mga halaman, mga hayop at mga taong lalang, at nagsusugo sa mga ito upang lumago batay sa natatanging plano na tinatawag ng siyensiya na DNA.

'Ito ay tunay na pangkalahatan, walang hanggang PINTIG NG BUHAY na inyo sa pamamagitan ng karapatan dahil sa pagkakaasilang tungo dito sa mundo. Inyong maaaring saksihan ito sa mga bata, sa kanilang maliit na mga isipan, na ginagabayan ng mga matatanda, nagsisimula na magtanong kung ang BUHAY ay talagang sigurado at malaya sa sakit at dalamhati, kagaya ng ito ay inisip nila na maging. Sa paraang likas, ang mga sanggol ay nakahiga at ikinakaway ang kanilang mga kamay at mga binti at nagpaparinig ng kanilang halakhak. 'ANG PAGIGING BUHAY ay MABUTI,' sinasabi nila. Kung, talagang, sila ay may magandang kapalaran na naisilang sa mapagmahal na mga pamilya na tumutugon para sa lahat ng kanilang mga pangangailangan.

'Subalit mayroon na malayong mas malalim na ASPEKTO NG BUHAY – na tunay na UNIBERSAL NA KAMALAYAN na naging aktibo sa loob ng sarili Nitong paglikha ng mga konstelasyon ng mga tala at ang lupa sa sarili nito.

'Ito ay aspekto na nabigay sa akin upang maunawaan nang maliwanag at MAINTINDIHAN noong ako ay nasa Disyerto sa Sinai sa Palestina. Aking nakita ang PINAGMUMULAN ng BUHAY, ang PINANGGAGALINGAN ng ating PAGIGING LALANG, laging nahahayag ang Sarili Nito sa pamamagitan

ng lahat na mga nabubuhay na mga bagay mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki, mula sa halamang Viola hanggang sa elepante, sa pinaka espesyal na paraan, matalinong paraan. Ito ay palagian, inyong maaaring tawagin ITONG ang LIKAS ng IYON na nagdala ng lahat ng nalikhang mga bagay tungo sa namamasdang pagiging lalang.

'ANG LIKAS NITO ay ang PINAGMUMULAN din ng lahat ng panlupang kahanga hanga, kaligayahan, kasiyahan, personal na katuparan at pagkamalikhain

'Maging saan man ang mga nabubuhay na mga nilalang, mga tao o mga hayop ay maaaring pumunta, sila ay sa pananalitang literal ay nasusuportahan sa bawat minuto ng nakatirang LIKAS ng ating PINAGMUMULAN NG pagiging lalang. Walang pagtakas dito. SUBALIT – hanggang ako ay dumating sa lupa at pagkatapos, hindi hanggang sa ako ay nagbalik sa pamamagitan ng isip ng aking Tagapagtala, na ang dakilang KATOTOHANANG ito ay naituro, na nagpapakita ng buong kahalagahan nito.

'Hindi ninyo kailangang habulin ang kaligayahan, o ang tagumpay, o paglawig ng inyong mga pangarap, kalusugan- dahil LAHAT NG MGA ITO ay nasa loob na ninyo, naitatak sa inyo sa pamamagitan ng inyong PINAGMUMULAN ng pagiging lalang, ang inyong PINANGGAGALINGAN ng BUHAY. Lahat ng mga bagay na ito na inyong may katapatang at may katumpakang hinahangad - ay INYO. Subalit ay hindi lumalabas na maging inyo, dahil ang mga ito ay nakatago sa ilalim ng lahat ninyong mental na mga istruktura, mga paniniwala, mga opinyon, na nalikha at naipamana sa inyo ng inyong mga ninuno at ng kanilang mga ninuno bago sila- at ito ay napapanahon na kayo, - na marami sa inyo ay may kakayahan na gumawa ng kinakailangang pagkilos, ay makapagtatag tungo sa buong muling pagsasaayos ng inyong mga programa ng isip.

'Alisin papalayo ang mga mito, tanggaling papalayo ang inyong mga multo, ang inyong mga takot, ang inyong kalungkutan, ang inyong mga pagkabigo, ang inyong galit, at gumising – TUMAYO at UNAWAIN na ang lahat ng mga ito ay nasa inyong isip, isinilang ng inyong personal na pagkakondisyon ng isip, AT ALISIN ANG MGA ITO.

'Mas may kadaliang nasabi kaysa nagawa, hindi kayo magdududa sa pag-iisip, subalit ang DAKILANG KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG ay ITO.

'HINDI KAYO NAG-IISA.'

Mayroong mga guro na mangangaral ng tungkol sa positibong pag-iisip – subalit hindi ko ginawa iyon. Aking sinabi sa inyo nang may kaliwanagan na ang KAHARIAN NG KALANGITAN AY NASA INYO. Ang aking ibig sabihin ay ang BUHAY ay ang pinagmumulan ng LAHAT na maaari ninyong naisin – kung hinahayaan ninyo ito na gumawa sa inyo sa pamamagitan ng pagwawalis papalayo sa lahat ng pag-aalinlangan AT sa pamamagitan ng PANINIWALA NA ITO AY MAGDADALA SA INYO TUNGO SA KASAGANAAN, KALIGAYAHAN AT KATUPARAN sa hangganan na kaya ninyong alisin sa inyong mga isipan at mga emosyon ang matandang egong mga iniisip at mga pakiramdam.

ITO ang aking ibig ipakahulugan noong sabihin ko: 'Ako ay dumating upang magdala sa inyo ng buhay na mas masagana.'

Ako ay dumating – at ako ay narito ngayon- upang gisingin kayo sa katotohanan na ang BUHAY na nasa inyo, ay nagpapalago sa inyo una sa lahat, pagkatapos ito ay nagpapalago sa inyong mga plano, mga pag-asa, mga hinahangad, ito ay nagdadala sa inyo ng lahat ng kinakailangang tulong upang mabigyan ng kakayahan ang inyong mga plano, mga pag-asa, at mga pangarap upang lumago sa tama at perpektong paraan na magdadala ng buhay sa ibang mga tao din. ITO ay pumapasok tungo sa inyong mga paghihirap at nagdadala ng paggaling kung saan ang inyong puso ay may sugat o ang inyong mga katawan ay nagugupo sa sakit, ITO ay nag-aalis ng mga kalamidad sa inyong buhay sa kaparehong paraan na ITO ay nagpapagaling ng mga nabaling buto, ito ay kumakatagpo sa inyong lahat na mga kailangan sa pagdating ng mga ito – sa perpektong paraan. At ang BUHAY, hindi kagaya ng mga tao, ay nagpapanatili ng sistema ng kaayusan sa lahat ng ginagawa nito.

'Lahat ng mga ito ay 'BUHAY NA MAS MASAGANA' . mas higit sa inyong napanaginipang posible. Ilagay ang aking mga salita sa pagsubok. Gumawa ng maliwanag na anyo ng inyong pinakamamahal na

hangarin sa inyong isipan. Dalahin ito sa Banal na Kamalayan sa matahimik na meditasyon, HILINGIN, magbigay ng matapat na pasasalamat na inyong tinatanggap. Ang hiling ngayon ay puno ng BUHAY at kailangang dumating tungo sa manipestasyon sa eksaktong kagayang paraan na ang binhi ay sumisibol kapag inilagay sa lupa at diniligan. Maghintay, magbigay ng palagiang pasasalamat para sa pagtanggap, huwag mag-alinlangan, at inyong tatanggapin ang napakaliwanag na sagot.

'Ito ay posible na habang binabasa ninyo ang mensaheng ito, na 'lahat ng maganda at mabuting, kasama na ang pagpapagaling ay nasa inyo na,' kayo ay nagtatanong kung bakit ito ay kayo ay mayroon pa ring kronikong karamdaman o nasa kahirapan sa kabila ng inyong panalangin at ng inyong paniniwala. Inyong may kaseryosohang tinatanong kung gaano kayo ay maaaring tunay na makapaniwala.

'Aking maaaring sabihin na ang tunay na paniniwala ay maikukumparang bihirang kondisyon.

'Ano ang TUNAY NA PANINIWALA?

'Ito ay ang sandali ng umaapaw na lampasang pananalig kapag inyong NALALAMAN lampas sa lahat ng negatibo at nakatatokot na walang paniniwala, na ang BUHAY AY mas makapangyarihan, mas nakapagbabago, mas may kaperpektuhang may kontrol sa atomikong mga elemento kaysa sa anumang mga sakit na maaaring mangyari. Pagkatapos- habang ang mga daan daang matagal na at malubhang may sakit na mga tao ay nagpatunay sa paglipas ng mga kapanahunan, na ang hinangad para sa hindi maisip na mirakulo ay nangyayari, at bigla ay mayroong pakiramdam ng pagdaloy ng init at kapangyarihan, maaaring ang Liwanag ay nakita, at ang kabuuan ng isipan at katawan ay naranasan kung saan dati ay mayroong karamdaman.

'Ito ay maaaring maganap. Ang mga hiwaga ay nangyayari din sa mas mahabang sakop ng panahon at ay samakatuwid ay hindi nabibigyan ng halaga ngunit ay maaaring maging maayos kagaya ng resulta ng nananatiling pananampalataya bilang mabilis biglaang paggaling. Ang ibang mga mirakulo ng 'katuparan ng pangangailangan,' ay nagaganap na mas malayong higit kaysa inyong nauunawaan na ginagawa nila. Hanapin na MANIWALA, manalangin para sa PANINIWALA, at kapag hindi ninyo inaasahan ito, ito ay mabibigay sa inyo. Hanapin na laging may kaganapang palagian sa lahat ng inyong mga pagsisikap at gumawa ng pakikipag-ugnay sa Banal- at ito ay may katiyakan na mabibigay sa inyo.

'Ito ay Batas ng Pagiging naririto na kapag kayo ay HUMILING ay inyong matatanggap. Kapag kayo ay NAGHANAP, ang kung ano ang inyong hinahanap ay malalantad sa inyo. Kapag kayo ay kumatok ito ay bubuksan para sa inyo.

'Kumuha ng kaginhawahan. Maniwala!'

Kung naniniwala kayo...

Ang KRISTO AY NAGSASABI:

'Ako ay bumababa upang magsalita sa inyo sa paraang payak sa pamamagtan ng aking Tagapagtala sa mga tiyak na mga oras, upang subukan na gisingin sa inyo ang pagkakaunawa na ang lahat ng inyong mga kaguluhan, mga kabalisahan at mga limitasyon ay nasa loob ninyo na.

Ito ay dahil ang inyong mga iniisip ay nanggagaling mula sa inyong nakatirang mga katangian. At lahat na inyong nararanasan sa inyong buhay ay manipestasyon ng inyong kinagawiang mga iniisip at mga salita.

Marami sa inyo ang nagsasalita na mayroong 'Kapangyarihan' ngunit kung ano ang aking sinusubukang ibigay sa inyo ay ang pinaka 'Makapangyarihang' Katotohanan sa inyong sansinukob.

Ito ay literal na GUMAGAWA o SUMISIRA sa inyong mga buhay, kalusugan, mga ari-arian, mga pakikipagrelasyon at kaligayahan.

Mayroong mga napaka tanyag na pasalitang mga palabas na naghahanap na tumulong sa mga tao na baguhin ang kanilang mga pananaw, mga asal, mga iniisip, mga salita at mga kilos upang makapamuhay ng mas konstruktibo at masaya sa mga relasyon. Ang pantaong isip ay tinanong upang maghanap ng sapat na enerhiya at kapangyarihan ng kalooban upang alisin ang sarili nitong maling mga hubog ng pag-iisip at mga salita.

Dahil lahat ng INIISIP ay nanggagaling mula sa namamana at pangplanetang mga baybrasyon, ito ay napakahirap na bagay na gawin at iilan ang nakakayanang gawin ito.

Mayroong ibang paraan kung alin, kung susunding palagian at may katapatan, ay nagsisiguro na ang mga tao ay magiging matagumpay sa kanilang mga pagsubok upang gawin ang kanilang mga buhay at emosyonal na estado sa palibot ng tagumpay at ligaya.

Ang landas ay ang DAAN NG KRISTO na aking binalangkas sa aking mga Liham na idinikta sa pamamagitan ng espesyal na inihandang isipan ng aking Tagapagtala.

Itong elektronikong lunan na ito ay naririto na sa halos apat na taon at sa panahong iyon, ang mga tao ay sumubok na mabuhay batay sa Katotohanan na nakapaloob sa mga Liham, at nag-ulat ng mga dakilang mga pagbabago na nangyayari sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga buhay at kapaligiran.

Ang pagtalima sa DAAN NG KRISTO ay naghahantong sa maraming mga kahihinatnan higit pa kaysa pagiging payak na magkaroon ng kakayahan upang makasalamuha ng mas mainam ang ibang mga tao. Ito ay gumagabay sa nagpapatuloy, ngunit sekreto, positibong pagbabago na nagaganap sa kamalayan ng tao, kaya pagkatapos ng sandali, kanilang natatagpuan na, lahat sa paraang hindi konsiyus, sila ay tumutugon nang may kaalwanan at may kasiyahan sa mas konstruktibong mga paraan sa panlabas na mga udyok.

Kanilang natatagpuan na ang mga bagay na kanilang may katapatang hinangad sa wakas ay dumarating sa kanilang karanasan. Kanilang nakakayang dalahin ang mga pabigat nang mas madali, mas tiyak sa pangkatapusang matagumpay na bunga. Sila ay biglaang nakatatagpo na sila ay tumatangi na may kawalan ng panlasa sa matandang kritikal na mga gawi ng pag-iisip. Sila ay nagtatanong kung paano sila ay nasangkot sa kagayang mapanirang pag-iisip tungo sa iba.

Sa halip na ang personal na pagbabago ay maging pang-araw araw na pakikipagtunggali, kanilang natatagpuan na mayroon mga Super na Kapangyarihan - Pwersa ng Buhay- Banal na Kamalayan na pumapasok sa kanilang mga isipan nang banayad at may katahimikan, nakabagbibigay sa kanila ng kakayahan upang makatagpo ng bagong KALIGAYAHAN.

Ang aking mga Liham sa mundo ay may kalakihang mahalaga, at may pagmamadaling hinihingi ng mga nakauunawa sa mga ito. Ang mga ito ay pumupunta tungo sa siyentipikong mga katotohanan na batid na

ng mga siyentipiko, subalit sila ay tumutungong lampas sa mga ito tungo sa tunay na KADAHILANAN ng pangsiyentipikong mga tala.

Ang mga ito ay lubhang mahalaga dahil ang mga ito ay nagpapasabog sa mga matandang mga mito na HUMAWAK SA MGA TAO PABALIK SA KANILANG PAGHAHANAP PARA SA ISPIRITWAL NA KATOTOHANAN

Sila ay nagsasaliksik ng mga tinatawag na mga misteryo ng paglikha at buhay sa sarili nito.

Napaka may kahalagahan, kanilang may kaliwanagang isinasalarawan ang mga pinagmumulan at ang tunay na likas ng Ego at ang tamang paraan upang pakiharapan ito kapag ito ay sumasagabal sa pinakamainam na kabutihan ng sarili.

Ang MGA LIHAM ay nagsasalarawan din ng mga pinanggagalingan ng pagkamalikhain at ang 'dahilan' mula sa kung sa alin ang lahat ng mga nalikhang mga bagay ay nakakuha ng anyo at pagiging lalang.

Kung kayo ay naniniwala na ako ay pumarito bilang si 'Hesus' sa Palestina, inaasahan na kayo ay may kasapatan na mabubuksan ang inyong mga isipan upang tumanggap na, noong pinaka kinakailangan sa inyong mundo, ako ay talagang nagbalik sa pamamagitan ng inihandang isipan ng aking Tagatala upang magsalita sa inyo nang tuwiran.

Kung wala kayong paniniwala, sa hindi inaasahang pangyayari, ako ay hindi makapagpapadala ng aking ispiritwal na mga baybrasyon ng kamalayan upang pumasok sa inyong mga selyula ng utak at magbukas ng inyong mga iniisip sa palibot o magbukas ng inyong mga pananaw. Upang gawin ito na labag sa inyong kalooban o walang imbitasyon mula sa inyo, ay mag-iiwan sa inyo na palagiang wasak ang utak.

Kaya, hanggang ang mga karanasan sa buhay ay naggugupit papalayo ng inyong mga mental na mga balakid, kayo ay mananatili na walang kakayahan upang tumanggap ng dakilang MGA KATOTOHANAN na naihayag sa mga Liham.

Subalit kayo ay kagayang nasa loob ng kinang ng aking Ispiritwal na Pag-iisip kagaya ng lahat ng iba na nakikinig nang masaya, pinakikinggan at sinusunod ang aking mga salita.

Ako ay laging narito para sa inyo ngunit habang kayo ay hindi naniniwala – kayo ay nagsasarado ng lahat ng ispiritwal na pananaw na nagmumula sa akin.

Iyong mga naniniwala ay makakasiguro na ang aking Katotohanan ay tunay at may saysay dahil ang Katotohanan na aking inihayag para sa inyo na may kaliwanagan kagaya ng kaya ko sa pamamagitan ng aking Tagapagtala, ay ang Katotohanan na nabigay sa akin sa Disyerto sa Palestina.

Ito ay bilang bunga nitong KATOTOHANAN NA AKO AY NAKALABAS MULA SA DISYERTO AT NAGSIMULA UPANG MANGARAL AT MAGPAGALING.

Naninikluhod ako, GISING! Kayo ay makapupunta sa akin para sa kapahingahan, ispiritwal na pang-unawa at emosyonal na kalakasan. Ako ay napaka buhay sa Selestiyal na mga Kaharian.

Kayo ay makapagmeditasyon at makapagbubukas ng inyong mga puso sa Banal na Kamalayan at makatanggap ng pagpapagaling Nito, paggabay at ispiritwal na pagkaunawa.

Subalit inyo lamang matatanggap – sa hangganan – na kayo ay tunay na naniniwala na kayo ay may kakayahan na makagawa ng tunay na pakikipag-ugnay sa akin at sa Walang hanggan.

Ngunit kung kayo ay NANINIWALA, Kayo ay kailangang humingi- HINDI NAG-AALINLANGAN- at ito ay magaganap para sa inyo.

Ito ay ang aking pinaka masidhing paghahangad na kayo ay sumunod sa mga salitang ito, idownload ang mga Liham at tunay na pag-aralan at isabuhay ang lahat na itinuturo ng mga ito sa inyo.

Aking inaasam sa inyo na maranasan ang tunay na kaligayahan, totoong ispiritwal na kasiguruhan, tunay na katuparan ng inyong lahat na mga kailangan sa paraan na walang mga hadlang.

Madaliang mensahe mula sa Kristo

Ang KRISTO ay nagsasabi:

Ako ay dumarating sa pamamagitan ng isipan ng aking Tagapagtala dahil mayroong bagay na **MADALIANG** kailangan kong sabihin sa inyo!

Mahalin ang inyong mga kaaway; patawarin iyong mga gumagamit sa inyo nang masama; ipanalangin iyong mga nagsasalita ng masama sa inyo,... at kung hindi ninyo magawa ito sa inyong sariling lakas, hanapin sa lahat ng maaaring mga paraan na gawin ito sa kapangyarihan ng isipito- ang Banal na Kamalayan.

MANALANGIN at MAGMEDITASYON at humingi ng tulong. Ito ay ibibigay sa inyo kapag kayo ay nagpumilit.

Kung ang ego ay nananatili sa pagpwersa sa inyong mga iniisip na pababa muli sa nakalalason at galit at nagtataas ng lahat ng mga uri ng pakikipagtalo sa kung bakit kailangan ninyong ikondena ang isang tao na may kalalimang nakasakit sa inyo o maging nakasugat sa inyo sa pisikal, dumulog sa pagmemeditasyon muli at muli, naghahanap ng pang-unawa at saklolo mula sa paghihirap, sumasamo na itong mga kaguluhang nagbabalik na galit at naghiganting mga iniisip ay maalis mula sa inyo...

HINDI upang mabigyan ng kaluguran ang Diyos

na kagaya na kayo ay naturuan ng mga simbahan

kundi upang pangalagaan ang inyong sarili mula sa mga hagupit ng inyong galit na mga iniisip na tumatalbog sa inyong mga buhay na nagtataglay ng marahas na mga kaguluhan at higit na mga pag-aaway at pakikipagtalo upang harapin.

DAHIL – anuman ang kapangyarihan na ibinibigay ninyo sa puno ng galit na mga iniisip, ang kapangyarihang iyon ay magpapadala ng tuwirang daloy ng elektriko ng kamalayan sa tao na nanakit sa inyo, - AT ang daloy ng kamalayan ay nagbabalik, umaatake sa paraan nito pabalik sa inyo sa tamang panahon, kagaya ng boomerang.

Inyong dapat na malaman na bawat elektrikong lunan ay lumilikha ng kagayang magnetikong lunan- ang dalawa ay laging gumagawang magkasama - kaya kung ANO ANG LUMABAS AY SA KATAPUSAN AY NAGBABALIK.

Ito ay ang pangsiyensiyang batas ng pagiging naririto subalit ang kung ano ang hindi pa natatanggap ng siyensiya ay ito:

Ang pwersang elektrika ay nagpapagana sa isipan; ito ay ang kamalayang pintig ng 'Patuloy na Gumagawa' sa isipan. Ang elektrikong pwersa ay aspekto ng kamalayan.

Dalawang mukhang Magnetismo ay nagpapagana sa mga emosyon ng tao at ng hayop – ito ay 'humihila' at 'umiigkas.' Ito ay ang pintig ng pantaong pag-ibig at ang pintig ng galit.

Ang Magnetismo ay nararanasan ng lahat ng nabubuhay na mga bagay bilang emosyon - pakiramdam.

Aking nailarawan ang Katotohanang ito nang ganap sa aking [mga Liham 5 at 6](#).

Hindi lamang ito, ang pangsiyensiyang karunungan sa medisina ay nakatuklas (kung ano ang aking naunawaan nang mabuti sa Palestina, dalawang libong taon na ang nakaraan) na ang lahat ng mga iniisip ay kumukuha ng anyo sa inyong utak ay bumababa tungo sa inyong glandulang pitwitaryo sa

pamamagitan ng inyong hypothalamus, at ang pagkanegatibo at emosyonal na sakit (nababang mga baybrasyon) na tinataglay ay naipapasa sa inyong mga bahagi ng katawan, dugo at sa buong katawan, na nagdudulot ng pagbaba ng enerhiya at sa katapusan ay karamdaman.

Ito ay penomena na lumilikha ng sikosomatikong mga karamdaman na kinikilalala ng medikal na propesyon.

Noong nasa Palestina dalawang libong taon na ang nakalipas, aking sinabi sa mga Hudyo na huwag mag-ala ala tungkol sa pag-inom mula sa hindi nahugasang mga tasa kundi ay bigyan ng pansin at mag-alala tungkol sa kung ano ang lumabas sa kanilang mga bibig. Aking isinalin ang kung ano ang naiulat sa mga sulat sa Bagong Tipan tungo sa uri ng mga salita na aking talagang sinabi sa mga Hudyo – na walang pinakamalayang ideya sa kung ano ang aking sinubukang sabihin sa kanila. At may kalungkutan, ang maraming 'Kristiyanong' mga simbahan ngayon ay kagayang mangmang.

Paano nila mauunawaan – wala silang iluminasyon na aking natanggap sa Disyerto na nagpaliwang sa aking isipan at nagtatak sa aking isip ng ispiritwal na karunungan ng mga pinagmulan ng paglikha at mga batas ng pagiging naririto.

Ngunit KAYO, na nabubuhay sa inyong mundo ngayon, ay nagkaroon ng hindi mabilang na mga guro na dumating sa lupa, nagpapaliwang ng mga pangsiyensiyang tala at mistiko din na naghatid sa inyo patungo sa metapisikal, ispiritwal na mga katotohanan, na naghahanda sa inyo para sa aking mga Liham na naglalaman ng pinaka mataas na Katotohanan ng lahat – ang tunay na Likas ng inyong Pinanggagalingan ng Simula na inyong tinatawag na Diyos, at ang Pangkalahatang mga Batas ng Pagiging Naririto.

Gusto ko ngayon na isipin ninyo ang tungkol sa tunay na nakatatakot at marahas na mga gawain ng tiyak na mga tao na na nanguna sa inyong mundo – sa kabila ng lahat ng mga Gurong ito ng mga aspekto ng katotohanan.

Ang nagpapatuloy na pagdanak ng dugo sa Iraq ay kaso na dapat ay makagawa sa inyo na may kalalimang mag-isip tungkol sa maaaring mangyaring boomerang mula sa kagayang mapangwasak na mga gawain.

Gusto ko na isipin ninyo ang sitwasyon na ito mula sa ispiritwal na punto ng pananaw na hindi NAGKOKONDENA kundi ay nakakikita sa 'katotohanan' na kaakibat sa mga iniisip at mga gawain na sangkot sa sitwasyon.

Narito mayroon kayong lalaki, si Saddam Hussein na determinado na humawak ng kapangyarihan sa Iraq at magdala ng kapayapaan at kasaganaan para sa kaniyang mga tao. Hindi nalinang sa tunay na ispiritwalidad, siya ay gumamit ng pinaka mabigat at malagim na mga paraan upang supilin ang bansa, upang patahimikin ang mga tao na nagbibigay sa kaniya ng mga problema. Ang mga taong ito ay gumamit ng kaguluhan sa pagrerebelde laban sa kaniya at siya ay nagbuhos ng kaguluhan pabalik sa kanila. Dito na ang malupit na Diktador at ang sekta ng mga tao na may magkatulad na mental at moral na antas – ang kanilang ispiritwal na mga baybrasyon, sa kabila ng lahat ng panalangin at papalabas na relihiyosong seremonya, ay kasing dilim at kapal at baba na ito ay posible na makamtan ng inyong mundo ngayon. Si Hussein at itong mahirap disiplinahing mga tao ay karapat dapat sa bawat isa.

Ang mga Iraqing tao ay hinayaan siya, maging ang iba ay humanga at pumalakpak sa kaniya, dahil napanatili niya ang kapayapaan para sa hindi matatag na bansa at nagbigay sa kanila ng pagkakataon na mamuhay ng kanilang pang-araw araw na mga pamumuhay na may kapayapaan habang ang kanilang kaangkinang agresibong mga likas ay nagpapahintulot sa kanila.

Siya ay bumagsak na may sala sa Estados Unidos, NAGPAGALIT SA MGA PINUNO NITO, at ay may pagkakapantay na pinamamahalaan ng ego, ang mga Pinuno ay nagpasya upang parusahan si Saddam Hussein sa pamamagitan ng pagpapataw ng embargo. Sa dakong huli, ang pangmakataong pintig ay nagtulak sa pagpapasinaya ng sistema 'Langis para sa Pagkain' na tumulong sa mga gutom na mga tao ng Iraq at nagbigay sa Amerika ng pahintulot sa langis na kailangan nila. Subalit itong pamamaraang ito ay mahigpit na ihip sa dangal ni Hussein at hindi nakapagpagaan sa pambansang pagkukulang sa pangkalahatang luho at bawat araw na mga produktong tinatamasa ng kanilang mga kalapitbansa.

Gusto ko kayo, mga tao ng mundo, na magbigay ng may pandamang pag-iisip sa malaking mga dami ng galit, poot, na dala sa pamamagitan ng pagkilos na ito ng isang bansang malakas sa kanilang Masaganang Kayamanan, mga armas, mga sanay na mga sundalo, mga mandaragat at mga sundalong panghimpapawid.

Aking nais na maunawaan ninyo na ang kagayang PAMBANSANG EMOSYON ay nagiging ang 'nabubuhay na pwersa' ng pagsira na may malaking mga sakop.

Ito ay tiyak na WALANG ISA na tunay na nasa landas ng DAAN NG KRISTO – ANG AKING DAAN – ay nakasunod sana sa kagayang sadistang pagkilos. Nakaharap sa problema upang makitungo kay Saddam Hussein, ang kagayang lider, na naliwanagan sa ispirital at siyentipikong mga Batas ng Pagiging Naririto, ay dapat na tumawag sana ng pulong ng mga naliwanagang mga tao upang magkita kita para magmeditasyon at upang humingi ng gabay.

Ang aking paggabay ay sana ay pinaka may katiyakan na tumawag sana ng pakikipagkita kay Saddam Hussein at ipamalas ang trahedyang na sa katapusan ay magiging resulta mula sa hindi pagkakasundo ng dalawang bansa. Ang naliwanagang lider, sa halip na 'nagpapapanginoon dito' kay Hussein at nagbabanta sa kaniya ng digmaan, ay dapat sana ay humiling sa kaniya at sa kaniyang mga tagapayo na gumuhit ng dokumento, isang kasunduan na ang parehong bansa ay makapamumuhay na nasa pagkakaibigan, at magtataguyod ng paglago at panglokal na pagpapalagong programa para sa parehong mga bansa.

Ang kagayang naliwanagang Pinuno pagkatapos ay magbabasa sa mga minumungkahi ng mga Iraqi upang makapagtatag ng kapayapaan at harmoniya, ay mag-uusap ng tungkol dito nang may kapayapaan na may matapat na paghahangad upang makapagtatag ng kabutihan para sa lahat. Siya ay tatawag sa kaniyang naliwanagang mga tao upang magmeditasyon at dalahin pabalik ang anumang mga pagbabago NA KUNG ALIN AY NATANGGAP MULA SA MEDITASYON.

Sa paraang ito, ang mga tao sa ilalim ni Saddam Hussein ay dapat na dahan dahang napalaya mula sa pagkakahawak ng malupit, si Saddam sa kaniyang sarili ay dapat na nakakita ng mga pakinabang na nakuha mula sa mapayapang pakitungo, sa halip na agresibo, at ang mga Estadong Arabo ay dapat sana ay humanga sa pamamagitan ng tagumpay ng kaganapan. Ito ay magdudulot din sa mga Muslim na muling isipin ang kanilang pangkasalukuyang interpretasyon sa Koran.

Ngunit ano ang kinikilala at pangkalahatang tinatanggap na PANGMUNDONG PARAAN?

Ano ang naisakatuparan ng 'Pantaong Ispirito' – ang Pantaong Ego ngayon?

Ikonsidera kung mayroong posibleng anumang nagtatagal na pakinabang mula sa pag-uugali na nabalangkas sa ibaba?

Ang mapayapang bansa, ang mapayapang mga tao, na pinagkaitan na ng normal na mga pasilidad na pangkalakalan ng ibang mga bansa, ay binomba gabi gabi. Ang kanilang mga gusali, naitayo na may malaking pagsisikap at ginastusan ng salapi, at naghahandog ng maraming mga serbisyo sa mga tao, ay winasak.

Gabi pagkatapos ng gabi, ang mga inosenteng mga tao ay naharap sa terror ng mga bomba, nagtatanong sa kanilang mga sarili – ‘Saan ang mga ito babagsak? Sino ang matatamaan? Makikita kaya nila tayo sa mga pira pirasong tira? Mawawalan kaya tayo ng miyembro ng pamilya? Tayo kayang lahat ay mapapatay?

Ano ang ginawa ng mga taong ito upang maging karapat dapat sa kagayang kalunus lunos na pasakit maliban sa pwersahing pababa at subukin na mabuhay na masaya na kaya nila sa ilalim ng malupit na kinagagalitan ng Amerika?

Bago ito, sa Estados Unidos, ang ibang malupit na panatiko ay nagpadala ng mga eroplano upang wasakin ang kambal na mga gusali ng Sentrong Pangkalakalan sa New York. Isang malawakang iyak ng galit, poot, paghihiganti ang nanggaling sa mga taong Amerikano, Nawalan sila ng maraming mga tao – mga minamahal- sa pagkawasak. Bawat taon, mayroong mga Kristiyanong mga pagdiriwang sa simbahan na umaalala sa namatay at ang malawakang maraming mga luha ay umagos sa pagbaha ng hinagpis sa pag-iisip sa kanila.

Mag-isip sa isang sandali: ‘Kristiyanong mga Pagdiriwang’ – mayroon bagang pag-uusap tungkol sa KAPATAWARAN ng mga naging instrumento sa pagkawasak na ito?

Ang mga Amerikano baga ay lumuluha para sa mga inosente na namatay sa ilalim ng mga bagsak ng mga bomba na idinipositado gabi gabi para sa walang magandang dahilan maliban sa pagkagalit kay Hussein? Sila baga ay naghahandog din ng mga pagdiriwang para sa mga namatay na Iraqi? Kanila bagang ikinokonsidera na sila ay pumatay ng mga inosente – na walang proteksiyon laban sa mga sandatang nakamamatay ng Amerika at wala namang nagawa sa kanilang masama sa isang sandali?

Ikonsidera lamang ang bigat ng emosyonal na kapaguran na naidulot ng lahat ng hindi dapat pagdusahang ito at aroganteng pagwasak ng ibang bansa – pagsira na nagpalaya sa lahat ng mga rebeldeng naglalabanang grupo na napanatili ni Hussein ang pagkontrol. Ang pinaka masamang paraan ng pagkitil ng iba – ang pagpapatiwakal na mga bomba. Bawat oras na ang kagayang bomba ay sumabog- kaya pumapatay ng inosenteng dumadaan, ang mga Amerikano na sumuporta sa giyera laban sa Iraq, ay dapat na makatanto na ito ay ang kanilang suporta na nakagawa ng kagayang pagpapatiwakal na pambobomba na posible.

Ikonsidera lamang ang pagpapalaya ng higanteng, hindi nasasabing emosyonal na mga baybrasyon ng katatakutan, galit, paghihiganti at paglaban na ngayon ay nakatuon sa Amerika.

Paano iniisip ng mga Amerikano na ang lahat ng itong ‘Enerhiyang Galit’ ay mamamasdan laban sa kanila?

Dahil ito ay mamamasdan bilang pagkamatay at pagkasira. Ito ay batas ng pagiging naririto. Kahit na ang ‘Krisiyanong’ mga simbahan ay nagpapalagay na naniniwala sa batas na ito.

Kung walang PAGPAPATAWAD ay mayroong pagpaparusa sa anyo ng Dahilan at Epekto.

KAPATAWARAN, kumpleto at ganap at MAPAGMAHAL, ay nag-aalis ng malupit napopoot na mga enerhiya. Kung walang pagpapatawad, sila ay nag-iipon ng pwersa mula sa nagpapatuloy na galit ng kalaban.

Basahin ang artikulo tungkol sa ‘Mga gitak sa inyong planeta’ at pagkatapos ay tanungin ang inyong mga sarili kung paano lahat ito ay nakatatakot na karga ng galit ay mamamasdan. Sino, sa Amerika, ang SA LALONG MADALING PANAHOON O SA DAKONG HULI- ay magiging mga target?

Samakatuwid aking sinasabi sa inyo nang may kaliwanagan: Sa inyong tahanan, sa inyong pamayanan, sa inyong bayan, sa inyong Estado, sa inyong bansa – MAGPATAWAD sa kung sino man na nakasugat

sa inyo sa anumang paraan – malaki o maliit. Hayaan na ang salitang ito ay marinig sa inyong buong lupain sa pamamagitan ng anumang paraan na mayroon kayo.

At kung hindi niyo magawang magpatawad nang madalian dahil ng inyong ego ay hindi pumapayag sa inyo - ay dalahin ang sakit at galit sa Banal na Kamalayan (na aking tinawag na 'Ama' noong nasa Palestina) at humingi para sa pagdaloy Nito ng Ispiritwal na Nagdidirektang Kapangyarihan upang may kabanayadan na mapagaan at maalís ang kabigatan mula sa inyong mga isipan.

Ang inyo bagang mga relihiyon ay magsasabi sa inyo nito? Hindi, hindi ang mga ito noong ako ay nasa Palestina at hindi ang mga ito ngayon.

Talaga, iyong mga umuukopa ng pinakamataas na mga posisyon sa pinaka makapangyarihang mga bansa, at nagdudulot ng pinakanakatatakot na pagkasira sa mundo ay natanggap na may karangyaan at seremonya, mga ngiti at pakikipagkamay ng relihiyosong mga pinuno ng maraming 'Kristiyanong' mga relihiyon. Ang bulag na paghawak ng kamay at pagbibigay ng mga pagpapala sa bulag.

Upang marinig ang KATOTOHANAN- KAYO AY DAPAT NA DUMULOG NANG DIREKTA SA AKIN. Ako ay tunay na buhay at unibersal na lalang; HALIKAYO at aking tatanggapin ang inyong tawag at may pagmamahal na tutugon dito.

Magkaroon ng tapang upang umanib sa DAAN NG KRISTO at upang sumunod sa mga aral na aking dinala sa mundo sa aking mga Liham. Ang mga ito ay magpapakita sa inyo kung paano manatili na nakatono at nakasalíw sa MGA BATAS ng PAGIGING NARIRITO.

Ang mga ito ay tutulong sa inyo upang dumating tungo sa harmoniya sa sansinukob. At lahat ng mga bagay pagkatapos ay gagawa tungo sa inyong pinakadakilang kabutihan at kaligayahan at proteksiyon.

Ang Tunay na Kaharian ng Kalangitan sa Lupa

Ito ay ang KRISTO nagsasalita, Enero 2006.

Ang tunay na KAHARIAN ng KALANGITAN sa lupa.

'Aking gusto na inyong makita at maranasan ang mundo kagaya na ito talaga ay para sa inyo. Ang nabubuhay na mundo, ang buong paglikha ay tumutunog na may galak. Ang inyong mundo ay nilikha sa pamamagitan ng **PAG-IBIG**, dinisenyo sa pamamagitan ng **PAG-IBIG** upang makatagpo ang personal na mga pangangailangan ng bawat isang nabubuhay na nilalang kagaya na ito ay nalinang higit sa mga milyong mga taon ng pagiging naririto, Kung kayo lamang ay magiging nakababatid ng maluwalhating ligayang ito at ang kumikislap na **PAG-IBIG** habang kayo ay naglalakad sa inyong hardin o sa baryo.

Kung kayo lamang ay makakapasok tungo sa kamalayan ng kahanga hangang punong kahoy habang nakatayo itong tuwid at mataas, nakakalat ang mga sanga nito para sa mga ibon upang magpaliwanag sa mga ito at gumawa ng kanilang pugad. Kung kayo lamang ay makapapasok tungo sa kamalayan ng ibon habang naghahanap ito ng pinakamainam na lugar na pamumugadan, nakararanas ng kahalintahan nito at nakararamdam ng pagmamahal nito sa puno na nagbibigay sa kaniya ng tahanan at lilim.

Kahit saan, mayroong pagpapalitan ng pag-ibig na dumadaloy sa pagitan ng nabubuhay na mga bagay, mga halaman, mga insekto, mga ibon, mga hayop, isda at ang kapaligiran ng mga ito. Ang mga magsasamantala lamang ang naglalagay sa kanilang mga sarili sa labas ng pag-ibig na kamalayang ito.

Pag-aralan ang mga mata ng mga mapagsamantala, isa at lahat, at pagkumparahin ang kanilang nakapanunusok na bigat sa mga mata ng hindi malupit na kumakain ng halaman at damo- doon ay inyong makikita ang katapangan ng isa at ang kapayapaan ng isa.

Kagaya ng aking sinabi noong nabuhay ako sa inyong lupa:

'Ang mga mata ay ang ilaw ng kaluluwa' At ang hindi ninyo naunawaan ay ang lahat ng mga mata ay nagpapasinag sa mundo ng panloob na kalidad ng pagiging lalang. Ito ay nagpapasinag ng panloob na kamalayan na nagpapala sa kung ano ang nakikita nito – o nagpapatuyot sa sarili nitong masamang pakiramdam.

Kung nabubuhay kayo nang ganap sa inyong pantaong kamalayan, ang inyong mga iniisip, mga kinagawiang mga paraan ng pananalita, ang inyong patuloy na pagtantiya sa mga panlabas ng mga tao, kayo ay hindi makasalo sa **KALIGAYAHANG ITO NG PAGIGING NARIRITO** na biglaang bumubulwak sa kamalayan ng lahat na hindi malupit na nabubuhay na mga bagay – na nararamdaman ng lahat na mapayapang nabubuhay na mga bagay, maliban na pinagkaitan ng pagkakapanatili sa mamamagitan ng tagtuyot.

Hindi ninyo ito makayang maramdaman dahil ang inyong mga isipan ay lumago kasabay ng mga linya ng lohiko at dahilan at kayo ay kumikilos batay sa inyong kalooban, imahinasyon, mga ninanasa at ego – at lahat ng mental na aktibidad na ito ay humahadlang sa inyong ispiritwal na isipan sa ibabaw ng inyong ulo; ito ay humaharang sa pakikipag –ugnay ng ikaanim na pandamdang sa magandang mundo kung sa alin kayo ay nakatira at kung alin ay hindi ninyo may kalayuang nauunawaan lahat. Inyong nakikita ang mga katawan at ang mga aktibidad ng mga insekto, mga ibon, at mga hayop, ngunit hindi kayo makapasok tungo sa kamalayan ng kanilang pinaka inosenteng, hindi kontaminadong nagpapalakas na pwersa ng buhay.

Maaaring kayo ay mag-isip na ang kamalayan ng mga ito ay marahil ay katulad ng sa inyo. Subalit kayo ay mamamali – dahil lahat ng nabubuhay na bagay maliban sa mga tao ay nabubuhay sa pamamagitan ng nutrisyon – at nakikipagkomunikasyon sa paraan na kung alin ay imposible sa mga tao. Oo, ang mga ito ay nakikipagkomunikasyon nang napakaliwanag – sa mahabang mga distansiya. Oo, ang mga ito ay nakikipagtalastasan at nagagalak na magkakasama, higit pa sa inyong maaaring malaman .

Ito ay ang Hermetiko na nakaupo na may lalagyang namamalimos at nagmemeditasyon sa kung sino ang maaaring maabot tungo sa kawalan ng hangganan at maranasan ang ligaya at kaluwalhatian ng Banal na Kamalayan sa kung sa alin **TAYO**, kayo at **AKO, LAHAT** ay nabubuhay at kumukuha ng ating walang wakas na buhay at pagiging lalang. Ang Hermetiko ay maaaring makaranas nito sa katahimikan at kabanayadan ng kaniyang isipan, at maaaring maitaas tungo sa kagayang ekstasi na siya ay walang pangangailangan ng pangmundong pamumuhay – talaga, siya ay tumatakbong papalayo mula dito.

Ang mga tao ay magsasabi: “ Gaano kahanga hanga, kaniyang tinanggihan ang kaniyang buhay para sa Diyos.” Ngunit ito ay maling pananaw. Kaniyang tinanggihan ang normal na pang araw araw na pamumuhay upang matagpuan ang **TUNAY NA BUHAY ng KALUWALHATIAN** mula sa kung sa alin ang lahat ng paglikha ay nakakuha ng anyo nito at pagiging lalang. Wala na mas malaking karanasan ng kumikislap na kaningningan at ispiritwal na ekstasi kaysa dito.

Ngunit – ito ay pagtakas na naghahandog ng dakilang mga pabuya at tumatalo din sa mga layunin ng pagiging naririto sa inyong mundo. Ito ay kahanga hanga at nakapagtatakas nakapagtataas na humimlay sa kaningningan ng ganap na Pag-ibig at Katahimikan para sa sumandali at nagtataglay ng karunungan nitong kahanga hangang dimensiyon ng kawalang hangganan para sa inyong sarili. Dito ang inyong isipan ay maaaring pumasok tungo sa lampasang mga aspekto ng pangkalahatang karunungan.

ANG INYONG PANTAONG BUHAY AY KUMUKUHA NG BAGONG KINANG, LIWANAG AT LIGAYA AT MAS MALAKING KAHULUGAN. Subalit ito ay hindi ang inyong tunay na layunin sa buhay.

Ang inyong tunay na layunin sa lupa ay upang **IPAHAYAG** sa mga iniisip, mga salita, mga gawa at mga naisin ang **KABANALAN** na kung sa alin ay mayroon kayo sa inyong pagiging lalang.

Inyong maaaring gawin ito sa pamamagitan ng meditasyon, sa pamamagitan ng paglilinis ng inyong isipan sa mga negatibong mga iniisip, sa pamamagitan ng pag-abot sa iba sa maghapon upang maghahandog sa kanila ng ngiti ng pagiging palakaibigan, pagkilala ng kanilang pagiging lalang – na sila din ay NABUBUHAY at ay samakatuwid ay mahalaga – kasamang naririto ng inyong sarili, maging anuman ang kanilang katatayuan sa buhay.

Anong malaking ligaya ito ay upang magkaroon ng kakayahan na magmahal sa tao na bumaba sa mga basahan, nagtataglay ng walang materyal na mga bagay, napwersa na mamuhay sa pamamagitan ng pamamalimos – kagaya ng marami sa inyo ay may kakayahan na magmahal ng tao na nakagawa ng hindi masabing kayamanan, prestihiyoso, at namumuhay sa buhay na kinaiinggitan ng iba. Ito ay ang kakayahan na magmahal sa bawat isa na walang mga reserbasyon ay talagang **BANAL NA PAG-IBIG**- dalisay na walang kondisyong pagmamahal. Ito ay katangian ng isip at puso kung saan lahat ng pandamdang ng pagkasuperyor o pagkainperyor ay hindi namamayani.

‘Bakit ito ay dapat na magdala sa isa ng sobrang ligaya?,’ kayo ay maaaring magtanong.

Ito ay nagbibigay sa inyo ng ligaya lampas sa lahat ng pag-iisip dahil kayo ay nakaangat na mataas sa ibabaw ng mga hinihingi at kritikal na mga pandamdang ng sarili na humuhusga at nagmamaliit sa iba.

Anong malaking pagkalaya ng isip na inyong mararanasan kapag kayo ay maaaring, sa wakas, ay mainsulto o maloko ng iba ngunit ay nakatitingin pa ring lampasan sa kaniyang mga salita at mga kilos at nauunawaaan ang kaniyang basikong kabanalan. Kayo ngayon ay namamahinga sa estado ng purong tahimik na pagtanggap ng kung ano ang pantaong mundo ay maaaring sumubok na gawin sa inyo at kayo ay hindi tumitigil sa pagngiti – dahil ang sa inyo ay mundo ng sikat ng araw at ispiritwal na liwanag na nalikha ng Banal -

at kayo ay nakababatid na ang mga iyon na sumusubok na saktan kayo ay hindi pa nakakayanang makatagpo nitong sagradong mundo na nabuo at dinesenyo sa pamamagitan ng Dalisay na Pag-ibig.

Sa pagkakaalam dito na may kasiguruhan, na may kaliwangan, paano na **HINDI** magkaroon lamang kayo ng pinakamalalim na pagkaawa at pag-alala para sa kanila na nakikipagsapalaran, minsan ay may katapangan, kasama ng kanilang nanghihimasok na ego?

Habang natututo kayo na magmahal sa lahat ng antas ng pantaong pagiging lalang na may pagkakapantay, kayo ay darating upang maunawaan ang tunay na antas ng panlupang pagiging lalang ng bawat tao at magkakaroon ng kakayahan upang maunawaan para sa inyong mga sarili kung ano ang mahalaga sa buhay at kung ano ang basta na lamang egong 'paninigas' para sa kaginhawahan at dangal.

Hindi na kayo maililigaw – o kahit na mapakilos- ng papalabas na panoorin.

Kung pag-aaralan ninyo ang mga Liham 5 at 6, kayo ay magkakaroon ng kakayahan na may kaliwanagang makita nang may kaeksaktuhan kung bakit aking sinasabi na ang mundo ay ginawa sa pamamagitan ng **PAG-IBIG, SA PAG-IBIG** at pinananatili sa **pamamagitan ng PAG-IBIG**. Kung ganap ninyong nauunawaan kung bakit ito ay gayon, ito ay posible na kayo ay pupunta ng higit sa pagkaunawa at inyong makikita na upang maaliw ang anumang iniisip na salungat sa **PAG-IBIG** ay nagpapatigil sa inyo mula sa basikong Katunayan ng Pagiging Naririto – ito ay naglalagay sa inyo sa makulimlim na mundo kung saan hindi na ninyo makita ang mundo na nalikha ng Banal na Kamalayan pagkatapos ng Big Bang – inyo lamang nakikita ang mga **IMAHEN** ng nabubuhay na mundong iyon at hindi maramdaman ang kanilang ligaya.

Manirahan sa isang sandali sa inyong mundo kagaya ng ito ay sa ngayon – ang pangkaraniwang mentalidad ng mga lalaki at mga babae ay napamamahalaan ng ego – at pagkatapos ay isipin ang ligaya at kagandahan ng **KUNG ANO TALAGA AY** na lampas sa inyong normal na paningin – wala sa paningin dahil sa pantaong iniisip- at **PANTAONG ASAL**.

Lahat ng aking mga Liham ay nakadirekta lamang sa pagtulong sa inyo na maitaas ang inyong mga sarili papalabas sa anumang pangkasalukuyang dalamhati na inyong pinapasan at upang makagawa ng tunay na pakikipag-ugnay sa Banal na Kamalayan na kaagad ay maglalagay sa muling pagtatayo ng inyong kalusugan, kalakasan at panloob na direksiyon tungo sa mas mataas na mga layunin ng pagiging naririto. Kayo ay makalalabas mula sa inyong mga impiyerno – subalit tanging **KAYO** lamang ang makagagawa nito para sa inyong saili. **KAYO** ay unang dapat na gumawa ng trabaho subalit inyo ring maaaring imbitahan ang Banal na Kamalayan upang pumasok sa inyong isipan at puso at magbigay sa inyo na karagdagang kalakasan upang masiguro na kayo ay magtatagumpay.

Habang parami nang parami ang mga taong may magkatulad na ispiritwalidad at ispiritwal na pananaw ay nagbubuklod na magkakasama upang maghanap ng Kaharian ng Kalangitan sa lupa, ay magkakaroon din ng maliit na mga grupo ng kaningningan ng isipito na nagpapaliwang sa madilim na mundong iyon ninyo, na nag-aanyaya ng higit at higit pa sa mga kasapi nito upang sumama sa inyo sa inyong kaligayahan.

Paano ninyo lilinis ang inyong kamalayan? Tandaan na kung kayo ay sumasandig **LAMANG** sa inyong sariling pantalong kamalayan, kayo ay tumatawag sa inyong ego upang magmanehong papalayo sa inyong egong mga iniisip – at ito ay imposible. Ang Ego ay hindi makapagtatagumpay sa ego. Kayo ay dapat na gumising sa katotohanan na sa itaas ng pantaong kamalayan ay ang Super na Kamalayan ng Banal na Kamalayan na naisalarawan sa mga Liham 5,6,7 at 8. Sa Liham 6 - mga pahina 21-24.

Hindi kayo magkakaroon ng kakayahan na pumasok tungo sa kamalayan ng halaman at insektong buhay, dahil ang inyo ay mundo ng lohikong pag-iisip. Subalit kayo ay makapasok tungo sa Kalangitan sa lupa sa pamamagitan ng pag-aaral kung papaano makipag-ugnay sa Banal na Kamalayan at nag-aanyaya Dito upang punan ang inyong isipan at puso, nagbibigay ng bagong direksiyon sa inyong iniisip na buhay – at pagkatapos sa inyong panghinaharap na buhay at mga gawain din.

Aking hinahangad para sa inyo na makatagpo ng tunay na kalayaan mula sa ego at makapasok tungo sa lampasang ligaya ng Kabanalan habang narito pa sa lupa.

Ang huling mga Araw

Ako, ang KRISTO, kilala bilang 'Hesus' sa Palestina, mahigit na dalawang libong taon na ang nakaraan, ay nagbalik sa pinakakritikal na panahong ito sa kasaysayan ng mundo, upang mangusap sa inyo.

Habang ako ay bumababa sa mga baybrasyon ng kamalayan upang gumawa ng pakikipag-ugnay sa inyong panlupang mga baybrasyon, aking nakikita ang mundo ng liwanag at kulimlim, ng ispiritwal na pagtaas at kalungkutan... at, pinaka terrible, aking nakikita ang pagbaba ng pantaong isipito.

ANG MUNDO SA PANGKALAHATAN AY NASA ANTAS NG KADILIMAN.

Ang pangkaraniwang tao na nagbabasa ng aking mga salita ay maaaring makaramdam na ang pangungusap na ito ay isang pinalaking kwento ng inyong modernong buhay, ngunit upang maunawaan ang buong kalakihan ng kung ano ang nangyayari sa lupa, ang tao ay dapat na makaranas muna ng sandali ng Liwanag.

Una sa lahat, ako ay dapat na magsalita ng tungkol sa kung ano ang nangyayari sa inyong mga bata sa buong mundo.

Inyo bagang natatanto sa kung anong hangganan na ang **KADILIMAN AY KUMALAT SA PAMAMAGITAN NG MARAMING MGA BAITANG AT MGA KALAGAYAN NG PAGIGING BATA?**

MGA KABATAAN, - ANG KANILANG MAY PAGKALIKAS NA NAGHAHANGAD, NAGTATANONG NA MGA ISIPAN, LAGING NAKATINGIN PARA SA BAGAY NA NAKATUTUWA AT BAGO UPANG HAWAKAN NG KANILANG PAGHAHANGAD, PUMAPASOK TUNGO SA MAAGANG PAGBIBINATA/PAGDADALAGA, - at dahil sa likas, - NAPUNO NG SEKSWAL NA PAGTATANONG, - AY NAISTIMULA AT NAPAKAIN NG INYONG PANGBUONG MUNDONG MGA AKLAT, RADYO AT TELEBISYONG MGA LIBANGAN.

Oo, inyong sinasabi, aming nalalaman ito. Aking sinasabi, ngunit inyo pa ring hinahayaan na ito ay mangyari.

Kung kayo ay Mga Anak ng Liwanag, kayo ay mapupuno ng pagkaawa na kayo ay tatayo bilang isang tinig at magsasabi sa mga yumayaman na kinakasangkapan ang INYONG mga isipan at isipan ng inyong MGA ANAK:

'Tama na, hindi na namin hahayaan na gawin ninyo ito sa amin. Kami ay tatanggi na manood at makinig ng kung ano ay kayo ay naliligayahan sa pag-iisip sa inyong sariling malaking mga isipan - kalupitan, mga perbersiyon, lantarang seks, patuloy na labanan at mga pagtatalo. Kami ay naghahangad upang magbalik sa KAPAYAPAAN at LIGAYA mula sa kung sa alin ang aming mga kaluluwa ay bumaba.'

NGAYON, WALANG KAMUWANG MUWANG, MAY PAGKAINOSENTE, ANG MGA BATA AY NAHIHIKAYAT NG MGA TAO NA MAY MAKASARILI AT MAY SEKSWAL NA KATAKAWANG INTENSIYON, TUNGO SA KANILANG MGA SAPOT NG SEKSWAL NA MGA PERBERSIYON.

Kung kayo ay Mga Anak ng Liwanag, kayo ay hindi makakatulog sa gabi, nalalaman na ang mga inosenteng maliit na mga bata ay ginagamit upang mabusog ang mga sekswal na mga pantasya at mga pagnanasa ng mga lalaking may edad.

ANG MGA BATANG ITO AY BUMABAGSAK, SA KATAPUSAN, TUNGO SA MGA KASUBRAHAN NA HINDI NILA HINANAP, AT TUNGO SA WASAK ANG PUSONG KALUNGKUTAN DAHIL HINDI NILA ALAM ANG DAAN PABALIK SA KANILANG ORIHINAL NA PAGKAWALANG MUWANG. ANG KANILANG KABATAAN AY NAKUHA MULA SA KANILA AT SILA AY PINAGKAITAN NG MGA MAHALAGANG MGA TAON NG NORMAL, EMOSYONAL NA PAGLAKI.

Kung kayo ay anak ng Liwanag, inyong mararamdaman ang kanilang sakit na ito ay parang inyo. Ang inyong konsiyensiya ay magbibigay sa inyo ng walang kapahingahan hanggang kayo ay tumayong magkakasama at panindigan kasama ng lahat ninyong impluwensiya at puso at kaluluwa na itong teribleng pagsasamantala sa kahinaan at pagkawalang muwang ng mga bata ay dapat na mahinto!

Inosente? Ang ating modernong kabataan? – kayo na nasa lupa ay maaaring magtanong. Kung kayo ay mga Anak ng Liwanag ay inyong malalaman na sila ay inosente hanggang kanilang matutunan ang mga bagay ng kadiliman na pinalaganap ng pantaong isipan sa lupa.

Kayo sa lupa ay nagsasabi na ang mundo ay wala sa **KADILIMAN** – na ako ay nagdadagdag?

Kayo ay naging sanay na sa **KADILIMAN**, hindi na ninyo makilala ito.

Ang inyong mundo ay hinog sa mga bansang nawasak ng digmaan. Ito ay mabigat, mabigat, mabigat na may malaking mental at emosyonal na mga alon ng baybrasyon ng pagkamakasariili at ganap na pagpapawalang halaga para sa buhay. Ang inyong mga lansangan ngayon ay daanan ng panganib, ng galit sa lansangan, ng selosong magnanakaw na naiinggit sa mga pag-aari ng iba, ng nambibiktimg mga mapagsamantala na naghahangad upang matalo at makontrol ang iba sa pamamagitan ng paggamit ng sekswal na pwersa.

Ang mga bilang ng mga magsasamantalang ito ay maaaring mas kakaunti kaysa sa mga bilang ng inyong Karaniwang mga Mamamayan subalit kung kayo ay mga Anak ng Liwanag, ang kagayang mga tao ay hindi dapat hayaan na magpatuloy. Subalit sila ay nagpapatuloy sa inyong kalagitnaan dahil ang inyong sariling mga isipan ay puno ng kagayang mga kaganapan mula sa panood ng inyong mga libangan. Kayo ay naging matigas at hindi na makaramdam sa mga katatakutang ito at kaya ang mga ito ay hinayaan na dumami sa inyong kalagitnaan kagaya ng nakamamatay na virus.

HABANG AKO AY BUMABABA at pumapasok na may pandamdang **TUNGO sa HINDI MAGANDANG LAGAY** ng nakamamatay na iniisip at mapanirang mga pakiramdam, aking nadarama ang sakit na naranasan ng mga inosente na nahulog na biktima sa mga nakakikita ng kaligayahan at pakiramdam ng kapangyarihan kapag nagsasamantala sila sa mahina.

Ang mga ito ay talagang ang **'huling mga araw'** na kagaya ng ang inyong mundo ay tumatawag sa panahon kapag ang buhay sa lupa ay naging sa paraang unibersal ay malaki at hiwalay mula sa basikong mga Batas ng Pagiging Naririto, na IILAN LAMANG sa mga bilyon sa lupa ang tumitigil pangsumandali upang magtanong;

'Ano ang mayroon pagkatapos ng kadiliman? Mayroon bagang Liwanag? Nasaan ang Liwanag? Bakit hindi ito naghahayag ng Sarili Nito sa atin?

Bilang tugon sa agarang, pinakamasidhing pagtatanong ng IILANG mga tao na nasugatan ng makapagyarihang mapagsamantalang mga emosyon ng iba, paano ako ay **HINDI** makabalik sa panahong ito, upang maabot ang mga nagtatanong, iyong mga may katapatan na naghahangad para sa tiyak na daan papalabas sa kadiliman na ngayon ay lumulukob sa bawat aspekto ng karamihan sa mga buhay ng mga tao?

Hindi ninyo baga nakikilala na ito ay talagang **AKO**, ang **KRISTO** na dumating upang magturo at magpakita sa inyo ng daan palabas sa kadiliman patungo sa LIWANAG? Paano ako ay **HINDI** darating bilang tugon sa inyong kirot?

Hindi baga ninyo nalalaman na **AKO AY PAG-IBIG** at ito ay ang likas ng dalisay na **PAG-IBIG** upang magpuno sa mga pangangailangan ng mga minamahal.